

Impormasyon tungkol sa pagsundo ng mga estudyante sa oras ng emergency

Mangyaring unawain pong mabuti ang mga nakasulat sa ibaba at sundin ang naaangkop na hakbang sa bawat sitwasyon. Maraming salamat po.

	Mga sitwasyon ng sakuna		Mag-aaral	Magulang
Lindol mula sa matatanggap na tawag sa *Walang mahigit 5 ang lakas	NANKAI TORAFU JISHIN (Nankai Trough Eartquake) Impormason ng pag-iingat at deklarasyon ng pag alerto	Kapag papasok sa paaralan o pauwi sa bahay.	Bumalik kaagad sa bahay. Maghintay sa pagsundo ng magulang kung sakaling nasa paaralan na.	Kumpirmahin ang kaligtasan ng bata at sunduin.
		Kapag nasa paaralan	① Lumikas sa playground ② Pumila ayon sa grado at section ③ Maghintay sa magulang ※ Maghintay sa workspace sa 1 st floor kung sakaling matatagalan ang pagdating ng magulang.	Sunduin ang bata sa paaralan
	Kapag naganap ang lindol (Lindol na mahigit Intensity 5 ang lakas)	Kapag papasok sa paaralan o pauwi sa bahay.	① <input type="checkbox"/> Pansamantalang lumikas sa ligtas na lugar sa daan ng paaralan. ② <input type="checkbox"/> Bumalik kaagad sa bahay. Hintayin ang pagsundo ng magulang kung sakaling nasa paaralan na.	Kumpirmahin ang kaligtasan ng bata at sunduin.
		Kapag nasa paaralan	① Lumikas sa playground ② Pumila ayon sa grado at section ③ Maghintay sa magulang ※ Maghintay sa workspace sa 1 st floor kung sakaling matatagalan ang pagdating ng magulang.	Sunduin ang bata sa paaralan
Kahina-hinalang personalidad	Sa paligid ng paaralan		① Sundin ang instruksyon at maghintay. ② Magtipon-tipon sa gymnasium. ③ Pumila ayon sa grado at section ④ Maghintay sa magulang	Sunduin ang anak sa paaralan. * Sundin ang instruksyon mula sa “Chiku-iin” (miyembro ng komite ng distrito) o ang e-mail galing sa paaralan. (Sundin ang instruksyon na mas naunang dumating.)
	Pumasok sa loob ng paaralan Pumasok sa loob ng gusali ng paaralan		① Sundin ang instruksyon at lumikas sa ligtas na lugar. ② Magtipon-tipon sa playground o sa gymnasium pagkatapos makumpirma ang kaligtasan (kapag lutas na ang insidente). ③ Pumila ayon sa grado at section ④ Maghintay sa magulang.	Sunduin ang anak sa paaralan. *Sundin ang instruksyon mula sa “Chiku-iin” (miyembro ng komite ng distrito) o ang e-mail galing sa paaralan. (Sundin ang instruksyon na mas naunang dumating.)

- Kung sakaling hindi gumagana ang school mail delivery system ng paaralan dahil sa blackout o iba pa, tatawagan kayo ng Chiku-iin” (miyembro ng komite sa inyong distrito).
- Kung sakaling hindi naman nakarehistro sa school mail delivery system ng paaralan, tatawagan kayo ng “Chiku-iin” o ng paaralan.
- Kung sakaling hindi kayo makontak, maghihintay ang bata sa paaralan. Tiyaking ipaalam sa paaralan ang inyong Tel. number na tiyak na makokontak. Mangyaring ipaalam din sa chiku-iin at sa paaralan kung nagpalit kayo ng Tel. number.
- Ang lugar para sa pagtipon-tipon ng mga bata kung sakaling mayroong kahina-hinalang personalidad ay may posibilidad na mabago depende sa sitwasyon.
- Maliban sa mga nasa itaas na sitwasyon, may mga posibilidad din na ipasundo ang mga bata kung kinakailangan kapag naglabas ng warning kaugnay sa kalagayan ng panahon.